Cain at Abel

(Genesis 4:1-16)



Sina Adan at Eba ay mayroong dalawang anak. Cain ang pangalan ng panganay at Abel naman ang pangalawa.

Si Abel ay naging pastol, habang si Cain ay naging magsasaka. Dumating ang panahon na naghandog ang magkapatid sa Diyos. Si Cain ay naghandog ng kanyang ani mula sa bukid. Kinuha naman ni Abel ang isa sa mga panganay ng kanyang kawan. Pinatay niya ito at inihandog ang pinakamainam na bahagi. Ang Diyos ay nasiyahan kay Abel at sa kanyang handog, ngunit hindi niya kinalugdan si Cain at ang handog nito.

Dahil dito, hindi mailarawan ang mukha ni Cain sa tindi ng galit. Kaya't sinabi ng Diyos, "Anong ikinagagalit mo, Cain? Bakit ganyan ang mukha mo? Kung mabuti ang ginawa mo, hindi ka ba kaluluguran? Kung masama naman, ang kasalana'y tulad ng mabangis na hayop na laging nag-aabang upang lapain ka. Nais nitong pagharian ka. Kaya't kailangang mapaglabanan mo ito."

Isang araw, niyaya ni Cain ang kanyang kapatid na pumunta sa bukid. Sumama naman ito, ngunit pagdating nila sa bukid ay pinatay ni Cain si Abel.

Kaya naman tinanong ng Diyos si Cain, "Nasaan ang kapatid mong si Abel?" Sumagot siya, "Hindi ko alam. Bakit, ako ba'y tagapag-alaga ng aking kapatid?"

At sinabi ng Diyos, "Cain, ano itong ginawa mo? Sumisigaw sa akin mula sa lupa ang dugo ng iyong kapatid, at humihingi ng katarungan". Pinarusahan ng Diyos si Cain. Sinabi ng Diyos na hindi na makakapag-ani si Cain kahit bungkalin nito ang lupa. Siya ay magpapagala-gala sa daigdig. Nilagyan ng Diyos si Cain ng palatandaan sa noo bilang babala na hindi siya dapat patayin ninuman.

Pagkatapos nito, si Cain ay umalis sa harap ng Diyos. Siya ay nagtungo sa lupain ng Nod palayo sa Diyos.

Nasiyahan ang Diyos sa handog ni Abel, habang ang kay Cain naman ay hindi Niya kinalugdan. Ang Diyos ay nakatingin sa puso nila Abel at Cain hindi sa hinandog nila. Si Abel ay may pusong nagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang salita. Ito ay nakapag-bigay kasiyahan sa Diyos. Ang puso naman ni Cain ay walang pagtitiwala sa Diyos maging sa Kanyang salita. Ito ang dahilan kung bakit hindi kinalugdan ng Diyos ang kanyang handog. Ikaw ba ay may pusong nagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang salita gaya ni Abel o ang puso mo ay tulad ng kay Cain?